

## REKLAMO HINGGIL SA DISKRIMINASYON

Kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka, maaari kang magsampa ng reklamo. Ang lugar kung saan magsasampa ka ng reklamo ay depende sa uri ng reklamong mayroon ka.

**Para sa lahat ng mga programa na pinamamahalaan ng iyong ahensiya ng county:** Itanong sa iyong county ang pangalan, address, at numero ng telepono ng kanilang Civil Rights Coordinator (Taga-ugnay para sa mga Karapatang Sibil). Independiyenteng iimbestigahan ng ahensiya ng county, hindi ng ahensiya ng estado ang iyong reklamo.

### **para sa Covered California:**

Civil Rights Coordinator Covered California  
PO Box 989725  
West Sacramento, CA 95789  
(916) 228-8764  
[CivilRights@covered.ca.gov](mailto:CivilRights@covered.ca.gov)

### **Para sa Medi-Cal & Medi-Cal na Programang Dental:**

Maaari kang makipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator, Department of Health Care Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagan Pangkalusugan) ng estado o sa pederal na Health and Human Services (Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao).

Department of Health Care Services,  
Office of Civil Rights  
PO Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
(916) 440-7370 or 711 (Calif. Relay Service)  
[CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov)

### **Para sa lahat ng ibang programa ng estado na sakop ng polyeto na ito:**

Civil Rights Unit  
California Department of Social Services  
PO Box 944243, M/S 8-16-70  
Sacramento, CA 94244-2430  
(866) 741-6241 (walang bayad)  
(916) 651-0602 (fax)  
[crb@dss.ca.gov](mailto:crb@dss.ca.gov)

### **Para maghain ng reklamo sa CalFresh sa pederal na ahensiya:**

United States Department of Agriculture Director,  
Office of Adjudication  
1400 Independence Avenue, S.W.  
Washington, D.C. 20250-9410  
(866) 632-9992 (walang bayad) or (202) 260-1026  
(800) 877-8339 (May kahirapan sa pandinig)  
[program.intake@usda.gov](mailto:program.intake@usda.gov)

### **Para maghain ng reklamo sa CalFresh sa pederal na ahensiya:**

Upang maghain ng reklamo sa pederal na ahensiya:

Centralized Case Management Operations  
United States Department of Health and Human Services  
200 Independence Ave.,  
S.W. Room 509F HHH Building  
Washington DC, 20201

Maghain ng reklamo online sa:

[Portal ng Reklamo sa Health & Human Services Civil Rights](#)

(800) 368-1019 (libreng toll)  
(800) 537-7697 (kapansanan sa pagdinig/pagsasalita)

### **Limitasyon sa Oras ng Reklamo sa Diskriminasyon**

Dapat kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa loob ng 180 na araw sa petsa na ikaw ay nadiskrimina.

Kung napektuhan ng diskriminasyon ang antas ng iyong benepisyo at mga serbisyo, humiling ng pagdinig.

Hindi maaaring magpasya ang mga hukom tungkol sa mga reklamo sa diskriminasyon sa isang pagdinig

*Hindi maaaring baguhin ng imbestigasyon sa diskriminasyon ang mga antas ng iyong benepisyo o serbisyo. Magagawa lamang ito sa isang pagdinig ng estado. Hindi pinahihintulutan ang mga ahensyang gumanti sa iyo kung hihiling ka ng pagdinig o maghain ng reklamo hinggil sa diskriminasyon.*

### **MGA PROGRAMA NA SAKOP NG POLYETO NA ITO**

- Adoption Assistance Program (AAP)
- Programa sa Alkohol at Droga
- CA Food Assistance Program (CFAP)
- CalWORKS
- Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI)
- CalFresh (Food Stamps)
- Children's Health Insurance Program (CHIP)
- Pagiging Karapat-dapat sa Covered California
- Foster Care/Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata
- Programa sa Pabahay sa pamamagitan ng Departamento ng Serbisyon Panlipunan ng County
- Serbisyo sa Suporta sa Tahanan
- Kinship Guardianship Assistance (KinGAP)
- Medi-Cal – Medi-Cal na Programang Dental
- Tulong sa Salapi ng Refugee
- Resource Family Approvals (RFA)
- Approved Relative Caregiver Funding Option Program (ARC)
- Sustento sa Serbisyo sa Hayop



State of California

Health & Human Services Agency  
Department of Social Services

Makukuha ang pamplet na ito sa iyong lokal na County Welfare Office (Tanggapan para sa Kapakanan) at sa website ng [CDSS website](#) sa mga sumusunod na wika:

- Arabiko
- Armenian
- Kambodian
- Intsik
- Farsi
- Hmong
- Niponggo
- Korean
- Lao
- Mien
- Portugues
- Punjabi
- Ruso
- Espanyol
- Tagalog
- Ukranian
- Bietnamese

Makukuha rin ito nang libre sa mga format na malaking print, Braille, at audio.

Ipinapaliwanag sa publikasyong ito ang iyong mga karapatan sa mga pantay na benepisyo at serbisyo, kung paano humingi ng tulong sa wika o isang makatwirang akomodasyon para sa kapansanan, at kung paano magkakain ng reklamo laban sa diskriminasyon.

PUB 13 (Tagalog) (5/22)

# ANG IYONG MGA KARAPATAN

SA ILALIM NG MGA PROGRAMA NG PAMPUBLIKONG BENEPISYO NG CALIFORNIA



..... para sa mga tao na nag-aaplay o tumatanggap ng tulong sa publiko sa California



Sabihin sa amin kung kailangan mo ng tulong dahil sa isang kapanasanan.



Humiling ng libreng tagasalin

Sumusunod ang mga ahensiya para sa pampublikong benepisyo sa mga pederal na batas at batas ng estado, at hindi maaaring mandiskrimina, huwag isama, o bigyan ka ng tulong, mga benepisyo o iba pang mga serbisyon naiiba sa kung ano ang ipinagkakaloob sa iba.

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

Lahat ng mga tao at organisasyon na nagbibigay ng pampublikong tulong ay kailangan rumespeto sa iyong karapatan. Maaari ka nilang tulungan na intindihin at ilapat ang mga benepisyo at serbisyo.

You have the right to an interpreter free of charge.

- بحق لك الحصول على مترجم فوري مجاناً.
- ၇ကပူ မလုပ်သူတို့ နားထောင်ရေး အကူအညီ ဝန်ထမ်းများကို အခမဲ့ ခေါ်ယူခွင့် ရှိပါသည်။
- ຜູ້ກະທຳບຸກຄົນທີ່ບໍ່ສາມາດເຂົ້າສູ່ສູນຂອງພວກເຮົາໄດ້ ທ່ານມີສິດທີ່ຈະໄດ້ຮັບບໍລິການຈາກພວກເຮົາໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ
- 您有權免費獲得口譯員。
- شما حق دسترسی به یک مترجم (ترجمان) رایگان را دارید.
- आपको दुभाषिये की सेवाएँ मुफ्त प्राप्त करने का अधिकार है।
- Koj yeej muaj cai mus siv ib tus kws txhaislus dawb.
- あなたは通訳サービスを無料で受ける権利を有されています。
- 귀하는 무료로 통역 서비스를 요청할 수 있는 법적 권리가 있습니다.
- ທ່ານມີສິດໄດ້ຮັບບໍລິການຈາກພວກເຮົາໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ
- Meih maaih leiz duqv zipv maiv zuqc cuotv nyaanh nyei faan waac mienh.
- Você tem o direito de solicitar um intérprete gratuitamente.
- ਤੁਹਾਡੇ ਕੋਲ ਮੁਫਤ ਵਿੱਚ ਦੁਬਾਸ਼ੀਏ ਦੀ ਸੇਵਾਵਾਂ ਪ੍ਰਾਪਤ ਕਰਨ ਦਾ ਅਧਿਕਾਰ ਹੈ।
- “Вы имеете право на бесплатные услуги переводчика”
- Tiene derecho a servicios gratuitos de un intérprete
- May karapatan ka sa isang tagasalin, nang walang bayad.
- ທ່ານມີສິດທີ່ຈະໄດ້ຮັບບໍລິການຈາກພວກເຮົາໂດຍບໍ່ເສຍຄ່າ
- Ви маєте право на безкоштовні послуги перекладача.
- Quý vị có quyền có được một thông dịch viên miễn phí.

Tanungin sa ahensiya na responsable para sa iyong mga benepisyo o serbisyo para sa tulong sa wika.

## IKAW AY MAY KARAPATAN NA :

1. Intindihin kung ano ang nangyayari sa iyong aplikasyon o mga benepisyo.
2. Lumuha ng kasulatan o oarl na pagpaaliwanag tungkol sa ioyng aplikasyon o benepso. Ikaw ay may Karapatan ng libreng tagasalin para sa ipormasyon na ito. Tanungin sa ahensiya na responsable para sa ioyng benepisyo / serbisyo para sa tulong sa wika.
3. Kung ang ahensiya ng estado ay may kasulatang paliwanag sa hindi Ingles na wika, ikaw ay may karapatan na kumuha nitong impormasyon sa wika na iyon.
4. Kumuha ng resibo para sa mga inihatid na dokumento sa personal.

5. Makita ang iyong rekord sa kaso
6. Makita ang mga batas at palatuntunan tungkol sa iyong programa.
7. Hilingin sa hukom na suriin ang anumang aksyon o walang aksyon ng ahensiya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat, benepisyo, o serbisyo.
8. Hindi pagharap sa diskriminasyon sa pag-aplay o pagtanggap ng mga benepisyo o serbisyo ng programa.
9. Maghain ng reklamo tungkol sa diskriminasyon.
10. Kumuha ng “makatwirang akomodasyon” kung may kapansanan ka. Partikular na tulong ito para ma-access mo o makasali ka sa programa.
11. Panatilihing kumpidensyal ang iyong impormasyon.
12. Tratuhin na may paggalang at respeto.

## KUNG IKAW AY MAY PROBLEMA SA IYONG MGA BENEPISYO O SERBSIYO:

Magpanatili ng mga rekord ng lahat ng iyong impormasyon, mga dokumento, at mga pakikipag-ugnayan sa ahensiya.

Kumuha ng resibo kung mayroon kang isusumite.

Magdala ng kasama sa mga pagpupulong.

Magreklamo. Mayroong 4 na paraan para gawin ito:

1. **Hindi Pormal:** Humiling na kausapin ang superbisor upang pag-usapan ang tungkol sa mga problema sa worker o pag-aralan ang mga patakaran at ang iminumungkahing aksyon sa iyong mga benepisyo o serbisyo.
2. **Pagdinig ng Estado:** Humiling ng pagdinig ng estado kung hindi ka sumasang-ayon sa aksyon o kawalan ng aksyon ng ahensiya sa iyong mga benepisyo o serbisyo. Kailangan mong humiling ng pagdinig sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng abiso ng ahensiya tungkol sa iyong mga benepisyo o serbisyo. Kung hihiling ka ng pagdinig pagkatapos ng 90 araw, magpapasya ang hukom kung mayroon kang mabuting dahilan sa nahuling paghiling, gaya ng sakit o kapansanan.
3. **Reklamo hinggil sa diskriminasyon:** Tinignan ang seksyon sa Reklamo Hinggil Sa Diskriminasyon. Maaaring mayroon kang naiibang mga karapatan para maghain ng reklamo sa mga ahensiya ng estado o pederal na pamahalaan.
4. **Karaingan:** Maaari kang maghain ng reklamo sa ahensiya kung mayroon itong pamamaraan para sa karaingan. **Hindi nito pinoprotektahan ang iyong mga benepisyo sa paraan gaya ng paghiling ng pagdinig ng estado.**

## MGA PAGDINIG SA ESTADO

Maaari ka ring humiling ng pagdinig ng estado kung hindi ibinibigay sa iyo ng ahensiya ang mga benepisyo o serbisyo na sa tingin mo ay dapat mong makuha. Tingnan ang PUB 412 para sa impormasyon tungkol sa Pagdinig ng Estado.

**Tandaan: Kung ang iyong problema ay sa General Assistance o General Relief,** kailangan mong humiling sa county ng pagdinig ng county.

**Kung ang iyong problema ay sa mga benepisyo sa Social Security,** kailangan mong makipag-ugnayan sa Social Security Administration para sa pagdinig.

## PAGHILING SA PAGDINIG SA ESTADO

Maaari kang humiling ng pagdinig ng estado online, sa pamamagitan ng telepono, fax, email, o koreo.

Online: [ACMS.dss.ca.gov](https://www.acms.dss.ca.gov) gov – maaari kang gumawa ng account para makuha ang lahat ng iyong impormasyon sa apela online, o magsumite ng kahilingan online nang walang account.

Telepono: 1-800-743-8525  
Email: [SHDCSU@dss.ca.gov](mailto:SHDCSU@dss.ca.gov)  
Numero ng Fax: 833-281-0905  
Koreo: State Hearings Division  
PO Box 944243, MS 21-37  
Sacramento, CA 94244-2430

## PINABILIS NA MGA PAGDINIG

Kung mayroon kang apurahang problema, maaari kang humiling ng “pinabilis” na pagdinig upang maidaos ang pagdinig nang mas maaga. Para sa Medi-Cal, ito ay kapag ang regular na pag-iskedyul ng pagdinig ay lubhang ilalagay sa panganib ang buhay o kalusugan ng pangangatawan o pag-iisip ng naka-enrol. Pagpapasyahan ng mga Pagdinig ng Estado at ipapaalam sa iyo kung maaaring mapabilis ang iyong kaso.

## IPINAGBABAWAL NA DISKRIMINASYON

Pinagbabawalan ng batas ng estado ang mga ahensiya na tanggihan ka ng mga benepisyo o serbisyo o magbigay sa iyo ng tulong na naiiba sa tulong na ibinibigay sa iba batay sa:

*Lahi, Kulay Pinagmulan, Nasyonalidad (kasama ang wika), Pagkakailanlan ng Entikong Grupo, Edad, Pisikal o Mentall na Kapansanan, Medikal na Kondisyon, Relihiyon, Kasarian, Pagkakailanlan ng Kasarian o Pagpapahayag, Sekswal na Orientasyon, Katayuan sa Kasalan, Domestic Partnership, Kasapi sa Politika, Pagkamamamayan, Katayuan sa Imigrasyon, at Impormasyon sa Genetiko.*

Ipinagbabawal din ng batas ng pederal ang ilan, ngunit hindi lahat, na base sa listahan sa itaas. Ipinagbabawal din ng Batas ng Pederal ang:

Pag-antala o pagtanggap ng pagkalagay ng bata para sa pagkukupkop o sa foster care base sa lahi, kulay, o nasyonalidad ng kinukupkop o foster parents, o ang bata;

Pagtanggap ng simumang indibidwal ng oportunidad na maging isang foster o kumukupkop na magulang base sa lahi, kulay, o nasyonalidad ng indibidwal o kasamang bata.

## MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON

Ang ahensiya ay hindi nagbigay ng libreng tagasalin.

Sinabi ng isang manggagawa sa ilang etnikong grupo tungkol sa mga programa at mga serbisyo kaysa sa mga tao sa ibang mga etniko.

Hindi ka bibigyan ng ahensyang ito ng mga bersyong malaking print o Braille ng nakasulat na impormasyon na kailangan mo dahil sa kapansanan.

Iba ang pagtrato sa iyo ng isang worker pagkatapos malaman ang iyong relihiyon o sekswal na oryentasyon.

Hindi ka makakuha ng appointment dahil walang elevator sa gusali at mayroon kang kapansanang naglilimita sa iyo sa paggamit ng mga hagdan.

Hindi ka makakuha ng wheelchair sa eksaminasyon, interbyu sa silid o banyo.

Tumatanggi ang worker na gamitin ang tama mong pangalan at mga panghalip.

## RISONABLENG AKOMODASYON: ESPESYAL NA TULONG PARA SA MGA TAO NA MAY KAPANSAN

Ang mga taong may mga kapansanan sa pangangatawan o pag-iisip ay may karapatang humiling ng mga makatwirang akomodasyon mula sa mga ahensiya ng pamahalaan upang matulungan silang ma-access at sumali sa mga programa at serbisyo. Kung mayroon kang kapansanan at nangangailangan ng karagdagang tulong, kailangan mong ipaalam sa ahensyang responsable sa iyong aplikasyon o mga benepisyo/serbisyo. Kailangan makipagtulungan sa iyo ang ahensiya upang malaman kung anong tulong ang kailangan mo. Kung tinatanggihan ng ahensiya ang iyong kahilingan, kailangan ka nitong bigyan ng nakasulat na abisong nagsasaad ng dahilan ng pagtanggap. Kailangang ilista sa abiso ang iyong mga karapatan sa apela.